**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**SPEECH AT THE LAUNCHING OF THE PAMILYA PASS 1+3**
GMA-Kamuning Station, MRT-3, Quezon City
June 1, 2025

(00:00:00)
… to help inaugurate this new promotional program I supposed for our public transport system. Alam niyo kasi, ang kultura ng Pilipino, ang Linggo para sa pamilya iyan, para sa mga mahal sa buhay na magsama, na makapag-bonding ng konti.

Kaya't ginawa namin ay gumawa kami ng programa, ay ang tinatawag 1+3 Program. Ibig sabihin, 'pag Linggo, bibili ka ng isang ticket, plus three ang puwede mong isakay. Ibig sabihin sa isang ticket, apat ang puwedeng sumakay. Para naman mabigyan natin ng pagkakataon iyong ating mga pamilya, [applause] mga mag-aano, magka-barkada na magkasama.

Pero kami, lumampas kami doon sa 1+3 kaya si Congressman Sandro, nagbayad ng sarili niyang ticket.

Pero iyon ang aming — sana naman ay mabigyan natin ng pagkakataon ang ating mga kababayan na maramdaman nila iyong Linggo. Kasi alam naman namin napakahirap ng oras ng commuter at madalas nating marinig, "Wala na kaming oras para sa pamilya dahil pagdating namin, tulog na lahat. Aalis kami, tulog pa."

Kaya naman, sinasabi namin, bigyan natin ng chance naman na magsama, na hindi additional, hindi may dagdag na pagbayad, para lang makasama ang inyong pamilya. Kaya't nandito na 'yung ating program na 1+3.

Mayroon pa akong isusunod na announcement dahil marami kaming — doon sa pinaplanong EDSA rehabilitation, ang daming bumalik na nag-aalaala,

"Paano iyong trabaho namin?" Kung ang pag-commute namin ay napakatagal na, madadagdagan pa ng isang oras, dalawang oras, wala na talaga. Hindi na kami uuwi."

Kaya't tinitingnan po namin, isa, itong nangyari. Bukod pa doon, mayroon tayong mga nakita na mga bagong teknolohiya na hindi natin ginamit doon sa pagplano sa EDSA rehabilitation.

Kaya in-instruction-an ko si Secretary Vince Dizon at saka si Secretary Manny Bonoan ng DPWH, ay sinabi ko, "Pause muna doon sa rehabilitation. Huwag muna nating gagawin." [applause]

Dahil pag tinitignan natin iyong Cost-Benefit-Analysis, maganda sana kung maayos natin, ngunit ang laking sakripisyo ng dalawang taon na masyadong mabigat, masyadong mahigpit ang traffic. Kaya't pause na muna iyan at sabi ko sa kanila, "Bigyan natin ang sarili natin ng isang buwan, pag-aralan natin itong mga bagong teknolohiya na nakikita natin. Pag-aralan natin, gumawa tayo ng magandang plano, baka naman imbes na dalawang taon, magawa natin sa anim na buwan, magawa natin sa isang taon."

Whatever it is, tingnan natin kung anong available sa atin. Pero sa ngayon, maliwanag na maliwanag na napakarami ang mahihirapan pagka itinuloy natin iyong EDSA rehabilitation.

We will find – in other words, ang sinasabi ko, we will find a better way na hindi masyadong mahirap para sa ating mga commuter." [applause]

Iyon lamang, ngayon sasakay na kami ng tren.

Maraming salamat. Thank you.
(00:03:49)

***

BAGONG PILIPINAS